

# Bagong-dating ka ba sa Canada? Ang CRA ay makakatulong.

Marami sa benefits na tinatamasa ng mga tao sa Canada ay naging posible dahil sa taxes.

> Sa tulong ng Canada child benefit, nailagay ko ang aking anak sa daycare para aktibo akong makapaghanap ng aking unang trabaho sa Canada.
>
> **Andrea Carolina**

## Magkano ba ang maaari mong makuha bawat taon?

Kung ikaw ay resident ng Canada para sa mga layunin ng tax (mayroon kang makabuluhang ugnayan sa Canada tulad ng isang tahanan, asawa, common-law partner o dependants), maraming benefits, credits, at mga programa ang available na makapagbibigay sa iyo ng pinansyal na tulong.

**Goods and services tax / harmonized sales tax (GST/HST) credit –** hanggang sa **$519** para sa isang eligible na indibidwal at hanggang **$1,038** para sa isang eligible na couple na may dalawang anak.

**Canada child benefit (CCB) –** hanggang **$7,787** para sa bawat batang wala pang 6 na tàong-gulang at hanggang **$6,570** para sa bawat batang 6 hanggang 17-taong-gulang.

**Disability tax credit –** ang eligible na mga indibidwal na may kapansanan o ang kanilang nagbibigay-suportang kapamilya ay maaaring mag-claim ng **$9,428** bilang isang non-refundable tax credit. Ang mga tàong wala pang 18-taong-gulang sa katapusan ng taon ay maaari ring eligible para sa karagdagang halaga na hanggang **$5,500**. Magpunta sa **canada.ca/disability-tax-credit**.

## Paano mo makukuha ang benefits at credits

Mag-apply para sa **CCB** at sa **GST/HST credit** oras na nakuha mo ang iyong social insurance number (SIN) mula sa Service Canada. Para malaman kung paano kumuha ng SIN, magpunta sa **canada.ca/social-insurance-number**. Kung mayroon kang mga anak, punan ang **Canada Child Benefits Application form (RC66)** at ang form na **Status in Canada and Income Information (RC66SCH)** at ipadala sa CRA.

Kung wala kang mga anak, mag-apply para sa **GST/HST credit** para sa iyo o sa iyong asawa o common-law partner gamit ang **GST/HST Credit Application for Individuals Who Become Residents of Canada form (RC151)** at ipadala ito sa CRA.

Ang forms ay maaaring i-download mula sa **canada.ca/cra-forms**.

Ang deadline para gawin mo at ng iyong asawa o common-law partner ang taxes ay sa April 30 bawat taon, kahit wala kayong kinita, para patuloy ninyong makukuha ang inyong benefit payments. Kung ikaw ay nakatira sa Quebec, kailangan mo ring magkompleto ng isang provincial tax return. Itago ang iyong mga resibo at iba pang mga pansuportang dokumento kung sakaling hingin ito ng CRA.

## Kailangan mo ba ng tulong?

### Ipagawa ang iyong taxes nang libre

Kung maliit lamang ang iyong kinita at simple ang iyong sitwasyon sa tax, maaaring maipagawa mo nang libre sa isang volunteer ang iyong taxes. Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa **canada.ca/taxes-help** o tumawag sa CRA. Kung ikaw ay nakatira sa Quebec, magpunta sa **revenuquebec.ca/volunteers** o tumawag sa Revenu Québec o sa CRA.

### Gawin ang iyong taxes online

Maaari mong gawin ang iyong taxes online gamit ang NETFILE-certified tax software. May iba't-ibang tax software packages at web apps na available, at ang ilan sa kanila ay libre. Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa **canada.ca/netfile**.

### Magparepresenta sa ibang tao

Maaari mong bigyan ng awtorisasyon ang isang tao na tutulong na pamahalaan ang iyong impormasyon sa tax sa CRA. Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa **canada.ca/taxes-representative-authorization**.

## Huwag maka-miss ng payment!

### Mag-sign up para sa direct deposit

Ang direct deposit ay isang mabilis, madali, at secure na paraan para maipadeposito ang iyong tax refund at benefit payments sa iyong account sa isang bangko. Alamin kung paano mag-sign up sa **canada.ca/cra-direct-deposit**.

### Magrehistro para sa My Account

Sa My Account, makikita at mapapamahalaan mo ang iyong income tax at benefit information online. Dito mo rin makikita kung mayroon kang anumang uncashed cheques mula sa CRA, at kung kinakailangan ay maaaring i-reissue ang isang payment. Magpunta sa **canada.ca/my-cra-account**.

### Panatilihing up-to-date ang iyong impormasyon

Para maiwasan ang mga delay, siguraduhing up-to-date ang iyong personal na impormasyon (tulad ng iyong marital status, iyong address, o iyong bank account) sa My Account, o tawagan ang CRA.

## Para sa karagdagang impormasyon:

### Online

Tingnan ang benefits para kung saan ikaw ay eligible, alamin kung paano mag-apply, at tantiyahin kung magkano ang makukuha mo. Makuha ang benefits at credits nang hanggang sa 10 táong nakalipas. Magpunta sa: **canada.ca/benefits-credits-nc**

### Sa telepono

Para magtanong tungkol sa benefits
**1-800-387-1193**

Para sa ibang mga tanong o para kumuha ng forms
**1-800-959-8281**

Service Canada
**1-866-274-6627**

Kung ikaw ay tumatawag mula sa 867 area code
**1-866-426-1527**

Revenu Québec
**1-800-267-6299**

RC629-211 (TA) Rev. 24

**Mag-ingat sa mga scammer** na nagkukunwaring sila'y mula sa CRA. Kapag may duda kayo, i-check ang inyong impormasyon sa My Account, o tumawag sa CRA. Para malaman kung ano ang maaasahang mangyari kung kinontak kayo ng CRA, magpunta sa **canada.ca/taxes-fraud-prevention**.